# 多言語情報コーナー　（令和５年　６月号）

## 1. Tungkol sa Ika-150 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng Tochigi Ken

Ang Tochigi Prefecture ay itinatag noong ika-15 ng Hunyo taong 1873 sa pamamagitan ng pagsasanib ng Tochigi at Utsunomiya sa nasabing petsa. Sa kasalukuyang taon ay gugunitain ang ika-150 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito.

Noong 1884 ang prefectural government ay inilipat sa Utsunomiya bilang kabisera ng Tochigi Ken matapos ang 11 taon na naitalaga ang lungsod ng Tochigi bilang unang kabisera ng prefecture. Ang pangalang Tochigi ay nagmula sa lungsod ng Tochigi na dating kapitolyo.

Ang lugar kung saan nakatayo ngayon ang Tochigi City Museum of Arts and Literature, Tochigi Central Elementary School at ang Tochigi Prefecture High School for Boys ay ang dating kinalalagyan ng Tochigi Prefectural Government Office.

Bilang bahagi sa paggunita ng ika-150 taon ng pagkakatatag ng Tochigi Prefecture ay magkakaroon ng exhibit na Edo Period style na float sa harap ng Tochigi City Museum of Arts and Literature sa ika-10 ng Hunyo (Sabado) mula alas 9:30 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Mayroon ding Hot Air Baloon Flight sa Tochigi Central Elementary School mula alas 7:00 hanggang alas 10:00 ng umaga ngunit kailangan ang reservation dito upang makasakay sa pamamagitan ng official website ng siyudad.

Inaanyayahan din ang mga dayuhang residente ng lungsod na alamin ang kasaysayan ng Tochigi City na naging unang kabisera ng Tochigi Ken at maging bahagi rin ng kasalukuyang Tochigi City.

## 2. Kahilingan Ukol sa Tamang Paghihiwalay ng Basura

Noong ika-5 ng Abril ay nagkaroon ng sunog sa isang garbage truck sa Iwafune Machi na pinaniniwalaang sanhi ng hindi pagbutas sa itinapon na spray can o cassette gas cylinder habang ito ay hinahakot papunta sa tapunan ng non-burnable garbage pagkatapos itong kolektahin.
Sa mga nakalipas na taon, may mahigit na 100 kaso ng sunog o pagputok taon-taon sa tapunan ng basura sa Tochigi Clean Plaza. Ang pangunahing naiisip na dahilan ay ang hindi naihihiwalay na maliliit na baterya at hindi binutasan na spray cans na itinapon. Sa mga ganitong pangyayari ay maaaring sanhi ito ng mas malaking sunog sa mga garbage collection trucks o maging sa garbage processing facility at ganon na rin sa mga kawani na kumukolekta ng ating mga basura dahil ito ay mapanganib sa kanilang trabaho kung sila ay masangkot sa malubhang aksidenteng dulot nito.
Kapag nagamit na ang laman ng mga spray cans o cassette gas cylinder ay butasan ito sa dalawang lugar at markahan ang nilagyan ng butas at ihiwalay ito kung itapon sa mga burnable garbage. Ilagay ito sa transparent plastic bag upang makita ng mga kumukolekta ng basura kaagad na may butas ito. Alisin din ang mga baterya mula sa maliit na domestic aplliances kung itatapon. Itapon ito sa araw ng pagkolekta ng maliit na domestic appliances.
Mangyaring sundin ang alituntunin at itapon ng wasto ang ating mga basura.

## 3. Tungkol sa Hydrangea Festival o “Ajisai Matsuri” ng Tochigi City

Gaganapin ang Tochigi City “Ajisai Matsuri” sa ika-16 ng Hunyo hanggang sa iak-2 ng Hulyo sa Hydrangea Slope ng Mt. Ohira Nature Park. Mayroong humigit kumulang 2500 na Hydrangea Plants ang mamumulaklak sa magkabilang panig ng 1000 baitang ng hagdan na bato patungo sa Mt.Ohira Shrine.

Ang opisyal na bulaklak ng lungsod ng Tochigi ay ang Hydrangea at ang mga mamamyan ng Tochigi City ay palaging naiisip ang Hydrangea ng Mt.Ohira ngunit makikita ang “Ajisai” saan man sa lungsod lalo na sa panahon ng tag-ulan gaya ng mga paaralan at parke.

Ang bulaklak ng Hydrangea ay lalong tumitingkad kung nababasa ito ng ulan kung kaya’t pagmasdan ang napapanahon na bulaklak ng “Ajisai” upang mapagrelax naman paminsan minsan.